# REMEMBER THIS

FILIPINO **WEEK 3**

## "Hindi Ako Nagbabago"

### WARM-UP

- Ano ang isa sa mga paborito mong alaala noong ikaw ay bata pa? Bakit mo ito paborito?
- Magkuwento tungkol sa isang libangan, lugar, o gawain na nagustuhan mo ng mahabang panahon, at kung paano mo ito nasimulang magustuhan.
- Sino ang isang tao na alam mong mapagkakatiwalaan mo? Balikan ang isang sitwasyon na makapagpapaliwanag nito.

### WORD

*Sinabi pa ng Panginoong Makapangyarihan, "Ako, ang Panginoon, ay hindi nagbabago. Kaya kayong mga lahi ni Jacob ay hindi lubusang nalipol."* **MALAKIAS 3:6**

Nagalit ang Israel sa Diyos dahil habang sila ay nahihirapan, ang ibang mapang-aping bansa ay umuunlad. Naniwala sila na hindi nila natatanggap ang biyaya ng Diyos dahil wala na sila sa Kanyang puso. Ang akala nila ay hindi na sila mahal ng Diyos gaya ng pagmamahal Niya sa kanilang mga ninuno. Subalit, sa pamamagitan ng propetang si Malakias, binigyang katiyakan ng Diyos ang Kanyang katangian, mga utos, at mga pangako. Hindi siya nagbabago.

## 1 Katangian

*Sinabi pa ng Panginoong Makapangyarihan, "Ako, ang Panginoon, ay hindi nagbabago. Kaya nga kayong mga lahi ni Jacob ay hindi lubusang nalipol."* **MALAKIAS 3:6**

Sinabi ng Diyos sa mga Israelita na *Ako, ang Panginoon, ay hindi nagbabago.* Sa katunayan sinabi ng Diyos sa kanila, *Manumbalik kayo sa akin at babalik ako sa inyo.* Ang katangian ng Diyos, ang pagmamahal Niya sa Kanyang mamamayan, at ang Kanyang kagustuhan na magkaroon ng relasyon sa kanila ay hindi nagbabago. Maging ngayon, walang nagbago. Hinahanap pa rin tayo ng Diyos dahil sa Kanyang pag-ibig sa atin. Ano ang ibig sabihin ng hindi pagbabago ng katangian ng isang tao? Paano ka nabibigyan ng katiyakan ng hindi nagbabagong katangian ng Diyos?

## 2 Mga Kautusan

*". . . Dalhin ninyo nang buo ang inyong mga ikapu sa bodega ng templo upang may pagkain sa aking templo. . . ."*
**MALAKIAS 3:10**

Ang paraan ng pagtugon ng mga Israelita sa mga utos ng Diyos ay nagpakita ng tunay na kalagayan ng kanilang mga puso. Sa halip na sumunod, ginagawa nila kung ano ang akala nila na tama. Sa kabilang banda, ang mga ganap na nagtitiwala sa Diyos at naniniwala sa Kanyang hindi nagbabagong katangian ay sumusunod sa Kanyang mga utos. Gaya ng katangian ng Diyos na hindi nagbabago, hindi rin nagbabago ang Kanyang mga ipinag-uutos. Ayon sa Juan 14:15, ano ang dapat nating gawin kung mahal natin ang Panginoon?

## 3 Mga Kasunduang Pangako

*". . . Kapag ginawa ninyo ito, padadalhan ko kayo ng ulan at ibubuhos ko ang sobra-sobrang pagpapala."* **MALAKIAS 3:10**

(Basahin din ang **MALAKIAS 3:11,12.**)

Ang pagpapala ay bahagi ng ugnayang tipanan ng Panginoong Makapangyarihan sa Kanyang mga mamamayan. Gaya ng hindi pagbabago ng Kanyang katangian at mga utos, ang mga pangakong binibigay Niya ay hindi rin nagbabago. Sa ating pagtitiwala sa Diyos na hindi nagbabago, at pagsunod sa Kanyang mga utos na hindi rin nagbabago, makikita natin kung paano Niya tutuparin ang mga pangakong hindi rin nagbabago. Binigyan ka ba ng Diyos ng isang tiyak na pangako na hanggang ngayon ay inaasahan mo? Paano ka lalago sa iyong pananampalataya habang hinihintay mo ang katuparan nito?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na hindi nagbabago ang katangian, mga kautusan, at mga pangako ng Diyos? Ano ang mga pangakong pinanghahawakan mo at ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol dito?
- Anong aspeto sa hindi nagbabagong katangian ng Diyos ang kailangan mong mas maintindihan? Paano mo mapapalalim ang pagkaunawa mo rito ngayong linggo?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na nasa isang sitwasyon kung saan kailangan niyang makilala ang hindi nagbabagong katangian ng Diyos? Paano mo maibabahagi sa iba ang natutunan mo ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang hindi nagbabagong katangian, mga kautusan, at mga pangako. Pasalamatan Siya dahil maaari kang magtiwala at sumunod sa Kanya sa lahat ng oras.
- Hingin sa Diyos ang mas malalim na pagkaunawa sa Kanyang hindi nagbabagong katangian, at na lumago ang pagkakakilala mo sa Kanya sa iyong pagbabasa at pagninilay-nilay ng Kanyang Salita araw-araw.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maibahagi sa isang kapamilya o kaibigan ang katotohanan na hindi nagbabago ang katangian at mga pangako ng Diyos.

## NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph